

SD Access para sa Lahat ng Kasunduan sa Paggamit ng Wi-Fi Chromebook

Bilang kapalit ng paggamit ng Device mula sa San Diego Public Library (Aklatan), na nagbibigay ng access sa Internet mula sa iyong tahanan, sa pamamagitan ng Petsa ng Pagsasauli ng device na itinakda sa itaas, sumasang-ayon ka sa mga tuntunin at kondisyon na itinakda sa Kasunduan sa Paggamit ng Device na ito (Kasunduan). Kasama sa pag-checkout ng device ang: Isang Chromebook, charging cord, charger, bag. Sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap ng Chromebook, nauunawaan mo at sumasang-ayon ka na ang iyong paggamit ng anumang device ay napapailalim sa mga sumusunod na tuntunin at kondisyon:

- Sumasang-ayon akong ibalik ang Chromebook nang personal sa parehong Aklatan kung saan ito na-check out sa takdang petsa. Nauunawaan ko na maaaring hindi ito ma-renew o maibalik sa bookdrop.
- Kung nawala o hindi naibalik ang Chromebook sa loob ng 60 araw pagkatapos ng takdang petsa, [maaari akong singilin ng halaga ng Chromebook, charging cord, charger at case](#); wawakasan ang serbisyo at hindi na magagamit ang Chromebook; at ang aking mga pribilehiyo sa library card ay maba-block hanggang sa maibalik ang lahat ng bagay nang gumagana o mabayaran ang multa.
- Nauunawaan ko na ang Library ay walang pananagutan para sa anumang mga file, data, o personal na impormasyong na-access/ipinadala gamit ang Chromebook.
- Nauunawaan ko na ang Chromebook at ang mga nilalaman nito ay nananatiling pag-aari ng Aklatan sa lahat ng oras.
- Sumasang-ayon ako na hinding-hindi ako ipahihiram ng anumang bagay sa Chromebook sa ibang mga indibidwal.
- Sumasang-ayon akong malaman kung nasaan ang lahat ng item sa Chromebook sa lahat ng oras. Sasang-ayon ako na huwag pagbaklas-baklasin o subukang ayusin ang laptop.
- Sumasang-ayon akong pangalagaan ang Chromebook at gagamit ng mga makatwirang pagsisikap upang maiwasang masira ang Chromebook. Kung ang anumang item sa kit ay nawala, ninakaw, o nasira, sumasang-ayon akong ipaalam sa library kung saan ito na-check out. Nauunawaan ko na maaaring piliin ng Library na hindi kumpunihin o palitan ang Chromebook sa sarili nitong pagpapasya.
- Sumasang-ayon akong ibalik ang Chromebook at lahat ng bahagi at packaging sa aklatan sa maayos na kondisyon. Dapat akong manatiling naroroon habang tinitingnan ng tauhan ng aklatan ang Chromebook.

- Nauunawaan ko na maaaring magpasya ang Aklatan na huwag na akong pahintulutan ng mga karagdagang panahon ng paggamit ng Chromebook.
- Sumasang-ayon ako na ang Aklatan, ang mga nagpopondo nito at iba pang mga ikatlong partido na pinili ng Library ay maaaring gumamit ng anuman at lahat ng impormasyong nakolekta tungkol sa paggamit ng Chromebook na hiniram ko upang magsaliksik, sumubaybay at sumuri ng mga resulta at ang pagiging epektibo ng programa ng Chromebook. Sa pamamagitan ng paghiram ng Chromebook, pumapayag akong makipag-ugnayan sa akin ang Aklatan tungkol sa aking paggamit at sa aking karanasan sa Chromebook.

Kinikilala ko na nabasa ko ang mga tuntunin sa itaas at sumasang-ayon sa mga tuntuning ito. Kung ang gumagamit na tumatanggap sa Kasunduang ito ay wala pang 18 taong gulang, ang isang Magulang o Tagapag-alaga ay kinakailangan na tanggapin sa ibaba na kumakatawan sa kanilang pag-unawa at pagsang-ayon sa lahat ng tuntunin ng Kasunduan nang nakapag-iisa at sa ngalan ng user.

Kumpletuhin ang iyong Kasunduan

Sa pamamagitan ng pagpili sa kahon na ito, ikaw (o ang iyong tagapag-alaga kung ang gumagamit ay wala pang 18 taong gulang) ay sumasang-ayon sa (mga) Tuntunin at Kondisyon na nakabalangkas sa itaas.

☐ **Sumasang-ayon ako sa Mga Tuntunin at Kondisyon.**

Mga Katanungan sa Pagpapatunay

Salamat sa pagsang-ayon sa Mga Tuntunin at Kondisyon ng Paggamit. Mangyaring tulungan kaming mas maunawaan kung paano ginagamit ang serbisyong ito at kung paano ito mas mapapabuti sa pamamagitan ng pagsagot sa maikling survey na ito.

Email Address:

Sangay ng Aklatan:

- ☐ Pinatutunayan ko na kinukulang ako ng access sa kagamitan o serbisyong sapat upang matugunan ang aking mga pangangailangang pang-edukasyon kung hindi lang para sa paggamit ng kagamitan o serbisyong ipinagkakaloob ng aklatan.
- ☐ Pinatutunayan ko na ako ang gumagamit ng aklatan na nakatalaga sa library card/number na ginagamit para sa elektronikong pagpirma sa form na ito.

Numero ng Library Card / Pangalan ng Nanghihiram

Opsyonal na mga Katanungan sa Survey

Mangyaring ibahagi ang layunin ng paghiram ng kagamitan

Paghahanap ng Trabaho

Pang-edukasyon

Mga Personal na Koneksyon (hal. pamilya, mga kaibigan)

Pananaliksik

Mangyaring ilagay ang iyong edad

Wala pang 18

18 hanggang 29

30 hanggang 39

40 hanggang 49

50 hanggang 59

60 hanggang 69

70 o mas matanda pa

Mangyaring piliin ang iyong kasarian

Babae

Lalaki

Transgender na Babae

Transgender na Lalaki

Non-binary

Iba pa

Mas Gustong Huwag Sagutin

Mangyaring piliin ang iyong etnisidad

Amerikanong Indian o Katutubong Taga-Alaska

Asyano

Itim o Aprikanong Amerikano

Puti

Hispaniko, Latino o Espanyol ang Pinagmulan

Taga-Gitnang Silangan o Taga-Hilagang Aprika

Katutubong Hawaiian o Ibang Taga-isla-Pasipiko

Mas Gustong Huwag Sagutin

Mangyaring ilagay ang iyong zip code
